

# Paglalarawan sa Muling Pagdidistrito ng Iyong Komunidad

## Mayroon kang boses sa Proseso ng Muling Pagdidistrito ng California

Ang mga linya ng distrito ng California ay muling iginuguhit ngayong taon. Ang mga linyang ito ay makakaapekto sa iyong abilidad na maghalal ng mga kinatawan na ipaglalaman ang iyong mga prayoridad. Isa sa mga pinakamahusay na paraan upang mahulma mo ang mga mapa ng distrito ay sa pamamagitan ng pagsabi sa mga taga-guhit ng mga linya kung saan ka nakatira at kung ano ang mahalaga sa iyong komunidad.

### Ano ang ibig sabihin ng “Community of Interest” at Bakit Ito Mahalaga?

Ang “Community of Interest” ay isang teknikal na salita na tumutukoy sa isang grupo ng tao na nakatira sa isang lugar at kung saan sila ay makikinabang sa pamamagitan ng pagpanatili sa kanila sa isang distrito ng magkakasama dahil sa pare-pareho nilang mga pananaw, kultura, kasaysayan, ikinababahala, pangangailangan at iba pang katangian. Ang mga pagkakaparehong ito ay maaaring kung ano man mula sa iyong lengguwahe at etnisidad hanggang sa estado sa ekonomiya at mga interes sa pulitika.

Ang pagpapanatiling magkasama ng mga *community of interest* sa isang distrito ay nakakatulong sa pagbuo ng lakas ng komunidad upang makaapekto sa mga halalan at magsabi ng mga ikinababahala sa mga naihalal na kinatawan. Ang *California Citizens Redistricting Commission* at ang mga katawan ng mga lokal ng muling pagdidistrito ay kinakailangang subukang panatilihing magkakasama ng mga *community of interest* kapag sila ay guguhit ng mga borador na mapa. Sa pamamagitan ng pagsabi sa Komisyon at mga lokal na taga-guhit ng mga linya patungkol sa iyong komunidad, matutulungan mo silang maintindihan kung paano makakaapekto ang mga linya na kanilang iguguhit sa iyong komunidad.

### Paano mo Sasabihin sa Komisyon ang tungkol sa Iyong Komunidad?

Ang pagbibigay ng testimonya ng “Community of Interest” ay parang pagkukwento. Sino ang iyong komunidad? Ano ang inyong pagkakapare-pareho? Saan kayo nakatira at saan kayo nagsasama-sama? Maraming paraan upang maibahagi mo ang iyong kwento sa Komisyon.

<u>Dumalo sa <i>Regional Meeting with the Commissioners Summer 2021</i></u>	<p>Ngayong tag-init, ang Komisyon ay magsasagawa ng mga rehiyunal na pagpupulong upang pakinggan ang publiko. Ang pag-<i>call-in</i> upang magsalita ay isang makapangyarihang paraan upang masigurado na mapapakinggan ang iyong komunidad. Ang lahat ng lalahok ay bibigyan ng iilang minuto upang sabihin sa Komisyon ang patungkol sa kanila komunidad.</p> <p>Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagpupulong na ito at kung paano mag-<i>call in</i>, i-tsek ang <a href="#">website</a> ng Komisyon.</p>
<u>Iguhit at Ilarawan ang Iyong Komunidad sa Online</u> Bukas mula Ngayon - Oktubre 2021	<p>Maaari kang gumuhit ng mapa at magsumite ng nakasulat na deskripsyon ng iyong komunidad sa online sa <a href="#">DrawMyCACommunity.org</a> (mayroon sa iba’t ibang mga lengguwahe). Ang impormasyong ito ay direktang pupunta sa Komisyon.</p> <p>Maaari mo ring i-sumite ang nakasulat na detalyadong testimonya o guhit-kamay na mga mapa ng iyong komunidad sa pamamagitan nag pag-email sa Komisyon sa <a href="mailto:votersfirstact@crc.ca.gov">votersfirstact@crc.ca.gov</a>.</p>

I-tsek ang iyong lokal na lungsod, lalawigan at website ng board ng paaralan para sa karagdagang impormasyon sa kung paano ibabahagi ang testimonya ng *community of interest* sa mga lokal na komisyon at mga taga-guhit ng linya na guguhit muli nitong mga linya ng distrito.

## Paglalarawan sa Iyong Komunidad Para sa Muling Pagdidistrito

### Pagsusumite ng Testimoniya ng *Community of Interest*

Ang mga sumusunod na mga katanungan ay mula sa online tool ng Komisyon sa pagbibigay ng testimonyang COI. Gamitin ang espasyo sa ibaba upang isulat ang iyong nasa isip. Maaari kang pumunta sa [DrawMyCACommunity.org](http://DrawMyCACommunity.org) upang isumite ang impormasyong ito kasama ang online na mapa.

*I-tsek ang aming mga katanungan para sa repleksiyon sa susunod na pahina para sa mas marami pang ideya tungkol sa kung paano mo ilalarawan ang iyong komunidad!*

#### **Paglalarawan sa iyong komunidad:**

Bigyan ng pangalan ang iyong komunidad: \_\_\_\_\_

I-kwento mo sa amin ang tungkol sa iyong komunidad. Anu-ano ang mga pare-pareho niyong mga interes? Ano ang nakakapagsama-sama sa inyo? Ano ang importante sa iyong komunidad?

---

---

---

---

---

May mga kalapit bang lugar na nais ninyong isama sa distrito? Mga kalapit na lugar na hindi niyo nais isama sa distrito? Bakit at bakit hindi?

---

---

---

---

---

Mayroon ka pa bang nais sabihin tungkol sa iyong komunidad?

---

---

---

---

Importante na ang iyong testimonya ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa kung **saan** nakatira ang iyong komunidad.

- Kung ikaw ay gagamit ng online tool ng Komisyon sa [DrawMyCACommunity.org](http://DrawMyCACommunity.org), pipiliin mo ang mga lugar sa mapa sa online upang ipakita kung saan nakatira ang iyong komunidad. Maaari ka ring gumihit ng iyong sariling mapa o naka-print na mapa at ipadala ito sa Komisyon.
- Kung ikaw ay magsasalita sa isa sa mga pampublikong pagpupulong ng Komisyon o magbibigay ng nakasulat ng komento, siguraduhing detalyadong ilarawan ang lokasyon ng iyong komunidad.

## Paglalarawan sa Iyong Komunidad Para sa Muling Pagdidistrito

### Pagbubuo ng Iyong Testimoniya

Gamitin ang mga sumusunod na katanungan upang makatulong sa pag-brainstorm sa kung ano ang nais mong ilagay sa iyong testimoniya. Hindi mo kinakailangang sagutin ang lahat ng ito – ang mga ito ay sinadya upang makatulong sa iyo na isipin kung ano ang nais mong maging itsura ng iyong testimoniya.

***I-kwento mo sa amin ang tungkol sa iyong komunidad. Anu-ano ang mga pare-pareho niyong mga interes? Ano ang nakakapagsama-sama sa inyo? Ano ang importante sa inyong komunidad?***

- Sino ang iyong komunidad? Saan nakatira ang iyong komunidad?
- Sino ang parte ng iyong komunidad? Sila ba ay matatanda, mga pamilya, mga bata?
- Ano ang kasaysayan ng iyong komunidad at karanasan nito sa iyong lungsod o rehiyon?
- Anu-anong klase ng hanapbuhay mayroon ang mga tao sa iyong komunidad? Ano ang mga uri ng pamamahay?
- Mayroon bang pinagsasaluhan na karaniwang lengguwahe o etnisidad ang iyong komunidad? Kung oo, ano ito?
- Mayroon bang pinagsasaluhan na karaniwang kita o pinansiyal na kalagayan ang iyong komunidad? Kung oo, ano?
- Ano ang iilang mga isyu at kinakailangang polisiya ang importante sa iyong komunidad? (pangangalaga sa kalusugan, mga trabaho, hustisya sa kalikasan, edukasyon, at marami pa)?
- Kung ang iyong komunidad ay magsasama-sama para sa isang pagpupulong, pangyayari o protesta, tungkol saan ito?

***May mga kalapit bang lugar na nais ninyong isama sa distrito? Mga kalapit na lugar na hindi niyo nais isama sa distrito? Bakit at bakit hindi?***

*Tip: Kung ikaw ay naglalarawan ng iyong komunidad sa Komisyon ng Estado, baka nais mong isipin ang tungkol sa malalaking lugar, tulad ng mga lungsod sa iyong rehiyon, kasama mismo ang iyong sariling kapitbahayan. Ang Komisyon ng Estado ay gumuguhit ng mga mapa para sa Asamblea, Senado at Kongreso, kaya ang mga distrito ay magiging malaki. Kung ikaw ay naglalarawan ng iyong komunidad sa mga lokal na taga-guhit ng linya na nagpapasya sa mga linya ng lungsod, lalawigan at paaralan, baka nais mong tumutok sa iyong kapitbahayan at mga maliliit na lugar.*

- Ano ang mga komunidad na naninirahan sa mga kalapit na lugar?
- May mga katulad bang ibang mga komunidad ang komunidad ninyo? Ano ang pagkakapareho ninyo?
- Mayroon bang komunidad na iba sa inyo? Ano ang pinagkaiba ninyo sa mga ito?
- Mayroon bang mga isyu na importante sa inyong komunidad na importante din sa mga kalapit na mga komunidad? Aling mga komunidad ito at saan sila nakatira?

***Mayroon ka pa bang nais sabihin tungkol sa iyong komunidad?***

- Bakit importante sa iyo ang iyong komunidad?
- Bakit importante na panatilihin ang iyong komunidad sa isang distrito?

***Pagpapaliwanag kung saan nakatira ang iyong komunidad:***

- Ano ang iilan sa mga makahulugang lugar para sa iyong komunidad? Tukuyin kung nasaan ang mga ito (sa mapa o ibigay ang kanilang interseksyon). I-larawan ang kanilang kahalagahan. I-konsidera ang mga sentro ng komunidad, mga paaralan, mga lugar sambahan, mga malaking lugar ng trabaho, sentro ng negosyo na espesipiko sa kultura.
- Saan karaniwang nagsasama-sama o nagpapalipas ng oras ang iyong komunidad?

## Paglalarawan sa Iyong Komunidad Para sa Muling Pagdidistrito

- Ano ang mga kalsada, interseksyon, haywey o mga katangiang pangheograpiya ang nagmamarka ng mga hangganan kung saan nakatira ang iyong komunidad?

### Mga Halimbawa ng Nakasulat na Testimoniya

Noong 2011, ang mga tao ay nagsalita upang ibahagi sa Komisyon ang impormasyon tungkol sa kanilang mga komunidad. Tumulong sila upang mas mapaganda ang mga mapa! Ang mga nasa baba ay mga halimbawa ng iilan sa kanilang testimoniya.

---

#### Testimoniya ng isang residente ng Oakland, sinumite noong Mayo 21, 2011

Magandang Hapon. Nais kong pasalamatang ang Komisyon sa oportunidad na magkapagbigay ng patunay tungkol sa aking Komunidad. Isa akong residente ng Oakland at matagal na akong aktibista ng komunidad at tagabigay ng serbisyo sa publiko sa East Bay ng mahigit 25 na taon.

Una ay nais kong hilingin sa komisyon na panatilihin buo ang Oakland Chinatown. Ang Oakland Chinatown ay nasa bayan ng Oakland at nakasentro sa 8<sup>th</sup> Street at Webster. Ang lugar ay napakasamu't sari, kabilang ang Tsino, Koreano, Vietnamese, at iba pang mga Asyanong Amerikano na naninirahan, nagtatrabaho at nagmamay-ari ng mga negosyo doon. Mayroon ding iilang mga komunidad ng samahang hindi pangkalakalan na nagbibigay ng mga serbisyo sa Oakland Chinatown.

Pangalawa, gusto kong bigyang-diin na ang Oakland at ang mga nakapalibot na lungsod ng Alameda at Berkeley ay napa-samu't sari na kinabibilangan ng maraming residenteng Asyanong Amerikano, mga Latino at Aprikanong Amerikano. Sa mga grupong panlahi, karamihan sa mga residenteng ito ay hindi naseserbisyohan ng sapat at umaasa lamang sa mga kritikal na sosyal na serbisyo na ibinibigay ng mga ahensiya ng gobyerno at mga institusyon ng komunidad. Ang mapang kasama dito ay nagpapakita ng mga antas ng kita *per capita* sa lugar na ito at inilalarawan ang pangangailangan ng mga residente na magkaroon ng malakas na boses sa mga antas na estado at pederal na mga isyu ng mga sosyal na serbisyo at trabaho at ekonomiya.

Base sa mga magkakaparehong pangangailangan na ito, inirerekomenda ko sa komisyon na siguraduhin na ang mga distrito ng Alameda, Berkely at Oakland ay ekonomikong i-grupo upang masiguro na ang iba-ibang populasyon sa mga lugar na ito ay magkaroon ng patas at tumutugong representasyon.

---

#### Testimoniya ng Tagapayo ng UC Small Farm Program, sinumite noong Mayo 23, 2011

Ako ang tagapayo ng Small Farm Program para sa UC Extension at Lalawigan ng Fresno. Bilang parte ng Small Farm Program, ako at ang aking mga tauhan ay nakikipagtrabaho kasama ang mga magsasakang Timog Silangang Asyano sa Lalawigan ng Fresno. Isa sa mga katrabaho naming grupo sa mga magsasakang Timog Silangang Asyano ay ang Hmong American Cooperative. Nagbibigay kami ng edukasyon sa mga magsasaka sa lahat ng aspeto ng pagsasaka, kabilang ang pamamahala sa mga peste at damo, *crop diversity*, at pagsunod sa mga batas ng pagtatrabaho na pang-estado at pang-pederal.

Ang mga magsasakang Timog Silangang Asyano sa Lalawigan ng Fresno ay kinabibilangan ng Hmong, Lao, Cambodian, Yao at Vietnamese. Sila ay mga natatanging mga magsasaka sa Fresno ng hindi bababa sa dalawang paraan. Una, karamihan ng mga magsasaka sa Fresno ay nagmamay-ari ng sarili nilang lupa at naninirahan sa kanilang mga sakahan. Ngunit, ang karamihan ng mga magsasakang Timog Silangang Asyano ay pinapaupahan ang kanilang lupa at hindi nakatira sa lupang iyon. Pangalawa, ang mga magsasakang Timog Silangang Asyano ay karaniwang nagtatanim ng mga gulay para sa mga palengke na nagbebenta sa mga komunidad na Timog

## Paglalarawan sa Iyong Komunidad Para sa Muling Pagdidistrito

Silangang Asyano sa Fresno, tulad ng tanglad at sitaw. Ang ibig sabihin nito ay may iba silang mga pangangailangan sa pagsasaka at pagmemerkado.

Ang mga magsasakang Timog Silangang Asyano ay nagpaparenta ng kanilang lupa sa buong Lalawigan ng Fresno. Ngunit, karamihan ng mga sakahan ay nasa timog ng Ashlan Avenue hanggang Selma at kanluran ng Academy. Bagaman ang mga napaupahang mga sakahan ay karaniwang nasa labas ng Lungsod ng Fresno, tinatantya ng aking kawani na mga 40% ng mga magsasakang Timog Silangang Asyano ay naninirahan sa isang kapitbahayan sa loob ng Lungsod ng Fresno kung saan malaking bilang ng mga pamilya ng Hmong at Lao ang dito nakarita. Ang mga karaniwang hangganan ng kapitbahayan ay ang Shields patungong hilaga, Highway 41 patungong kanluran hanggang Belmont at First Street sa timog ng Belmont; Jensen patungong timog; at Temperance patungong silangan.